# Manwal para sa Lokal na Institusyon

shepherds
GLOBAL CLASSROOM

Binuo ang Shepherds Global Classroom para ihanda ang katawan ni Cristo sa pamamagitan ng pagbibigay ng kurikulum sa mga umuusbong na pinunong Kristiyano sa buong mundo. Layunin naming dumami ang mga programa ng pagsasanay kaya ipinagkatiwala namin ang kurikulum na mayroong 20-kurso sa kamay ng mga espirituwal na tagapagsanay ng bawat bansa sa buong mundo.

Ang aklat na ito ay maaaring i-download nang libre sa https://www.shepherdsglobal.org/downloads

Pangunahing Manunulat: Dr. Stephen K. Gibson

Copyright © 2022 Shepherds Global Classroom
Isinalin sa Tagalog mula sa Unang Ingles na Edisyon.

Nakalaan ang lahat na karapatan.

May copyright ang mga third-party material na pagmamay-ari ng ibang tao at kanilang ibinabahagi sa ilalim ng iba't-ibang lisensiya.

Maliban kung inilathala, lahat ng Kasulatan ay hango sa Ang Bagong Ang Biblia.

**Pahayag tungkol sa pahintulot:**

Ang aklat na ito ay maaaring ilimbag at ipamahagi ng walang bayad maging sa digital na pormat o pisikal na aklat sa ilalim ng mga sumusunod na alituntunin: (1) Hindi maaaring baguhin ang nilalaman ng aklat sa anumang paraan; (2) Hindi maaaring ibenta ang mga kopya ng aklat para pagkakitaan; (3) Malaya ang mga institusyong pang-edukasyon na gamitin/kopyahin ang aklat na ito, kahit naniningil sila ng mga matrikula; at (4) Hindi maaaring isalin ang aklat na ito nang walang pahintulot at pangangasiwa ng Shepherds Global Classroom.

# Nilalaman

Paggamit sa Handbook na ito para sa Pagsasanay ..... 5

(1) Ang Kahalagahan ng Lokal na Pagsasanay sa Ministeryo ..... 7

(2) Pambungad sa pandaigdigang pag-aaral sa ministerio ..... 13

(3) Katangian ng isang potensyal na guro ..... 17

(4) Pag-unawa sa mga mag-aaral ..... 21

(5) Pamamaraan para sa mabuting Pagtuturo ..... 25


(6) Paano Ituro ang mga Kurso ng SGC ..... 29

(7) Pagtuklas sa mga maaaring maging guro ..... 33

(8) Pagpapatakbo ng local na institusyon ng Ministeryo ..... 37

Online Resources mula sa SGC ..... 43

# Paggamit sa Handbook na ito para sa Pagsasanay



Ang handbook na ito ay ang pangunahing sangguniang gabay para sa mga tagapagsanay, tagapamahala, at mga guro ng isang lokal. Minsan, ginagamit ng mga tagapagsanay ang handbook na ito bilang kurso upang sanayin ang mga guro at tagapamahala ng isang lokal na institusyon. Minsan naman, ginagamit lang nila ang ilang seksyon upang gumawa ng pagsasanay sa isang partikular na paksa o para ipakilala ang Pandaigdigang Pag-aaral sa Ministeryo.

Mga anim na oras ang kinakailangan upang maituro ang buong handbook sa itinakdang araw ng pagsasanay. Ang mga tagapagsanay ay dapat laging magbigay ng oras para sa talakayan.

Ang mga tagapagsanay ay nangangailangan ng mga Biblia, mga pagsusulatan, at kopya ng handbook na ito.

Ang mga tagapagsanay ay dapat magdala ng iba't ibang kurso ng SGC upang masuri ng mga estudyante. Ang klase ay mangangailangan ng tatlong kopya ng bawat kurso upang ang mga mag-aaral ay makapagsanay na magturo sa isa't isa sa isang grupo na binubuo ng tatlong tao.

Kapag naituro na ng mga tagapagsanay ang Kabanata 6, dapat suriin ng mga estudyante ang mga kurso sa SGC. Dapat nilang tingnan ang iba't ibang panuto na nakalagay titulo ng mga kurso. Makabubuting talakayin ng mga estudyante ang sinasabi sa mga panuto para matiyak na ito'y kanilang naiintindihan.

Ang demonstrasyon at praktis ay mahalaga sa pagsasanay. Maaaring ipakita ng tagapagsanay kung paano at paraan ng pagtuturo sa pamamagitan ng pagtuturo ng tatlong aralin mula sa mga kurso. Mas maganda ang demonstrasyon kung ang bawat aralin ay mula sa iba't ibang kurso. Kung may higit pang isang tagapagsanay o kung may estudyanteng mahusay, maaari silang magturo ng aralin para ipakita ang iba't ibang estilo ng pagtuturo.

Matapos nilang makita ang demonstrasyon, ang estudyante ng kursong ito ay kailangan ring mag-praktis na magturo.

Ang minimum na pagsasanay ay maaring isaayos ng ganito: Pangkatin ang mga estudyante sa tatlo. Bawat estudyante sa grupo ay magtuturo ng aralin sa dalawang kasamang estudyante sa loob ng 30 minuto. Kaya't sa bawat praktis at pagsusuri ng estudyante sa grupo ay aabutin ng 90 minuto.

Magandang kasanayan kung magtatalaga ng isang karagdagang araw ng pagsasanay ng mga estudyante, na may feedback mula sa guro at kamag-aaral. Ang advanced na pagsasanay na ito ay maaring itakda sa maibigan ninyong petsa, kung kinakailangan. Ang

ekstrang oras at araw ay magbibigay sa mga estudyante ng sapat na panahon para makapaghanda.

# Kabanata 1
# Ang Kahalagahan ng Lokal na Pagsasanay sa Ministeryo

## Pambungad

**Ang Iglesia ay dapat magturo**. Inatasan ni Jesus ang Iglesia na humayo sa lahat ng dako upang ituro ang Kanyang mga utos (Mateo 28:19). Sinabi rin ni Pablo na ang pastor ay dapat na makapagtuturo (1 Timoteo 3:2). Ang pagtuturo ay bahagi ng gawain ng pagdidisipulo. Ang Iglesia ang siyang nagtuturo sa mga tao kung paano mamuhay bilang mananampalataya at para sa kaluwalhatian ng Diyos. Ang pagtuturong ito ay dapat na maganap saanman naroroon ang mga mananampalataya. Ang mga malalakas na simbahan ay silang sanay sa mga katotohanang biblikal at pamamaraang praktikal sa pagtuturo.

**Ang Iglesia ay dapat magbigay ng pagsasanay. Pambungad**

> Ang mga bagay na iyong narinig sa akin sa harap ng maraming saksi ay siya mo ring ipagkatiwala sa mga taong tapat na makapagtuturo rin naman sa iba (2 Timoteo 2:2).

Ang halaga ng pagtuturo ay nangangahulugan ng pagsasanay sa ministeryo. Sinabi ni Pablo kay Timoteo na magsanay ng mga taong magtuturo rin sa iba (2 Timoteo 2:2). Ang pagsasanay ay di lamang pagbabahagi ng impormasyon. Ang pagsasanay ay di lamang pagtuturo sa kapakinabangan ng mga mananampalataya. Ang pagsasanay ay para ihanda ang mga mananampalataya na tulungan ang iba.

Ipinakita ni Jesus ang prayoridad ng pagsasanay sa ministeryo. Sa pasimula ng Kanyang ministeryo, pumili siya ng ilang mga kalalakihan na siyang magiging gabay at tagapagpalaganap ng Iglesia. Hindi Niya ginugol ang lahat ng Kanyang panahon sa pangangaral sa madla; sa halip, nagbigay Siya ng panahon upang sanayin ang labing dalawang alagad. Pinalawak Niya ang Kanyang ministeryo sa pamamagitan ng mga taong Kanyang sinanay.

**Ang Pandaigdigang Pag-aaral sa Ministeryo ay nagkakaloob ng kapakipakinabang na programa ng pagsasanay na maaaring pangasiwaan ng mga lokal na ministeryo**.

## Mga Layunin sa Lokal na Pagsasanay sa Ministeryo

### Upang Sanayin ang mga Pastor

Ang pastor ay dapat na maging sanay sa doktrina, sa pagpapaliwanag ng Biblia, pangangaral, at mga paraan sa pagdidisipulo. Maraming mga simbahan sa iba't ibang panig

ng mundo na pinamumunuan ng mga pastor na salat sa kagamitan at walang maayos na pagsasanay. Maraming pastor na hindi sanay at alangan na sanayin ang iba.

Maraming pastor sa iba't ibang panig ng mundo na bagamat may potensyal ay hindi nakapag-aral sa Bible college. Ito'y dahil sa hindi praktikal para sa kanila na iwan ang kanilang pamilya, trabaho, at ministeryo para lamang pumasok sa isang pagsasanay na gugugol ng maraming taon. Ngunit kailangan pa rin nila ng lokal na pagsasanay.

**Upang Sanayin ang mga Magbabahagi**

Bawat taong nakaranas ng biyaya ng pagliligtas ng Diyos ay maaring magbahagi ng ebanghelyo. Maaari nilang ibahagi ang ginawa ng Diyos sa kanilang buhay. Ang kanilang patotoo ay maaring makahikayat ng mga tao, lalo't sa kanilang nakasaksi sa kanilang pagbabago.

Gayunpaman, may mga pagkakataon na ang isang tao ay nahihirapang ipaliwanag ang mga mahahalagang turo ng ebanghelyo. At kung may mga nakikinig na nasa ibang kalagayan ng karanasan, maaring di nila maintindihan ang naranasang pagbabago ng nagbabahagi.

Kahit ang isang matagal ng mananampalataya ay maaari pa ring makaramdam ng pagka-alangan na magbahagi sa kanyang komunidad sapagkat wala siyang kakayahan na sagutin ang mga tanong sa Kristyanismo. Syempre, alam niya ang sariling karanasan sa kaligtasan, ang damdamin sa pagsamba, at ang kasiyahan sa piling ng Kapatiran kay Cristo, gayunma'y wala siyang kakayahan na magbahagi at magpaliwanag.

Kung minsan, ang relihiyon ng mga tao sa isang komunidad ay salungat sa Kristyanismo. Maaari nilang matutunang igalang ang mga Kristyanong may maayos na pamumuhay, subalit kailangan pa rin nilang marinig ang kapaliwanagan tungkol sa Pananampalatayang Kristyano.

Ang isang tao ay magiging mabisang tagapagbahagi kung matututunan niya ang mga prinsipyo ng ebanghelyo at ang mga pangunahing doktrina na nagtataguyod sa ebanghelyo.

**Upang Ingatan ang Iglesia**

Pananagutan ng mga pastor na ingatan ang kanilang mga simbahan gamit ang matuwid na katuruan (Tito 1:9-14). Ang mga huwad na simbahan at bulaang relihiyon ay gumagamit ng mga mapanlitong ideya upang linlangin ang mga tao. Kaylungkot na may mga taong minsa'y dumadalo sa maayos na simbahan, ngunit sa bandang huli'y naakay pa rin tungo sa bulaang relihiyon.

Ang pastor ay dapat na magturo ng biblikal na doktrina upang maging matatag ang mga tao sa pananampalataya. Ang pagtuturo ay dapat na may layunin, sistematiko, at nagsasa alang-alang ng iba't ibang antas ng mga tao sa simbahan upang ito'y kanilang maintindihan.


**Upang Palaguin ang mga Katuwang sa Ministeryo**

Sa larangan ng sports, may mga manlalarong nag-aabang lamang sa kanilang mga upuan. May iba sa kanila na bata pa at wala pang sapat na karanasan, ngunit sila ay nasa pagsasanay. May iba sa kanila na may natatagong kakayahan na mapapakinabangan sa oras ng pangangailangan.

Gayundin naman, ang isang malusog at lumalagong simbahan ay may mga manlalarong "nakaabang" lang. Maling isipin na dahil walang bakante sa pamunuan ay kumpleto na rin ang inyong mga manggagawa. Ang isang ministeryo ay kakapusin at titigil na lumago, malibang may mga bagong pinuno na handang magpasimula ng bagong ministeryo.

Ang isang malusog na simbahan kung gayon ay dapat na may mga "nakaabang" na taong nasa ilalim ng pagsasanay. Ito'y nangangahulugan na dapat ay may lokal na pagsasanay. Kaya nga, ang pagsasanay sa ministeryo ay hindi lamang para sa mga taong may posisyon na sa ministeryo.

Tungkulin ng pastor na bumuo ng isang lokal na pagsasanay. Hindi ito magagawang mag-isa ng pastor, subalit dapat niya itong pasimulan at hikayatin ang iba sa pagsasagawa nito. Kailangan niya ng koponan na may gagampanang iba't ibang tungkulin.



> Pinagkalooban niya ang iba na maging mga apostol, ang iba'y propeta, ang iba'y ebanghelista, at ang iba'y pastor at mga guro; upang ihanda ang mga banal sa gawain ng paglilingkod, sa ikatitibay ng katawan ni Cristo, hanggang makarating tayong lahat sa pagkakaisa ng pananampalataya, at sa ganap na pagkakilala sa Anak ng Diyos, hanggang maging taong may sapat na gulang, hanggang sa sukat ng ganap na kapuspusan ni Cristo. Tayo'y huwag nang maging mga bata, na tinatangay-tangay ng mga alon at dinadala-dala ng bawat hangin ng aral, sa pamamagitan ng pandaraya ng mga tao, sa pamamagitan ng kanilang mga katusuhan sa paraang mapandaya. Kundi humahawak sa katotohanan na may pag-ibig, lumago tayong lahat sa kanya, na siyang ulo, samakatuwid ay si Cristo. (Efeso 4:11-15)

Ang Diyos ay nagbigay sa lokal na simbahan ng mga tauhang may iba't ibang kaloob at kakayahan upang isakatuparan ang misyon ng Iglesia. Pananagutan ng simbahan na hubugin na may malinaw na layunin ang kanyang mga tauhan.

**Upang Palakasin ang mga Katutubong Simbahan**

Ang isang katutubong simbahan ay dapat na lokal na pinamumunuan, sinusupurtahan, at pagmamay-ari. Hindi ito dapat umasa sa suporta at direktiba ng mga taong di niya nasasakupan. Mahalaga ang lokal na lakas sa kalusugan at paglago ng simbahan.

Ang katutubong simbahan ay tutubong mabuti sa kanyang kultura. Hindi siya dapat angkinin ng banyagang pamamaraan.

Ang isang malusog na katutubong simbahan ay maraming kapakinabangan:

1. Mahusay siya sa pag-i-ebanghelyo at pagdi-disipulo sa kanyang sariling kultura.
2. Lumalago at kumikilos ng maayos ang kongregasyon bilang Katawan ni Cristo kung hindi sila umaasa sa pamumuno ng isang tagalabas.
3. Lubos na nahuhubog ang potensyal ng mga sinasanay sa pamumuno.
4. Ang kanyang mga kasapi at kabahagi ay magbibigay ng tulong at pananagutan ukol sa ministeryo.

May ibang mga katutubong simbahan na hindi malusog at malago sapagkat kapos sila sa matatag na doktrina at biblikal na batayan hinggil sa Pamumuhay Kristyano. Bunga nito, bigo silang impluwensyahan ang kanilang komunidad na  may malakas at matapat na patotoo. Madali silang matangay ng mga pinunong may husay subalit walang matapat na katangian. Kulang sila sa programang huhubog ng kanilang pamumuno. Kailangan nila ng programang sasanayin sila sa lokal na ministeryo.

May pagkakataon na ang isang simbahan ay itinatatag ng mga banyagang misyonero ngunit layunin na sa pagtagal ng panahon ay maging katutubo ito. Madalas na sukatan ng pagsulong nito ay ang paglago ng lokal na suporta at pagdami ng mga manggagawa sa simbahan.

Kailangan ang lokal na pagsasanay upang hubugin ang mga lokal na pinuno sa pagtuturo ng doktrina, pagsasabuhay ng pananampalataya, at pagbuo ng mga estilo at estratehiya sa ministeryo.

**Upang Magpasimula ng mga Bagong Simbahan**

May mga simbahang matagal ng nabubuhay subalit hindi man lang makapaghatid ng ebanghelyo sa ibang komunidad. Ang mga simbahan ay dapat na nagsasanay at nagsusugo ng mga koponang magbabahagi ng ebanghelyo sa mga lugar na kulang pa ng mga simbahan. Layunin ng gayong mga koponan na makabuo ng mga bagong akay na magiging isang simbahan.

Dapat na magsanay ng mga magiging ebanghelista upang tulungan ang grupo ng mga bagong akay na maging mga bagong simbahan. Dapat nilang idisipulo ang mga bagong mananampalataya sa pamamagitan ng pagtuturo sa kanila ng Pamumuhay Kristyano. Dapat magawa nilang sanayin ang mga bagong akay na magbahagi ng ebanghelyo at tumanggap ng tungkulin sa ministeryo.

Marami sa mga bagong simbahan na iyon ay dapat na pamunuan ng isang lokal na pinuno, hindi ng isang pastor na nagmula pa sa ibang lugar o bansa upang doo'y tumira. Marami sa mga pastor na may akademikong kasanayan ay walang gana na magpastor sa bagong

simbahan na nasa probinsya. Kaya't marapat na magbigay tayo ng pagsasanay sa isang lokal na pinuno na tinawag ng Diyos upang pamunuan ang simbahan.

**Upang Maghanda ng mga Misyonero**

Ang isang misyonero ay siya na sinugo ng Iglesia upang humayo sa isang lugar sa layuning palawakin ang impluwensya ng ebanghelyo. Ang salitang *misyonero* ay madalas gamitin sa taong sinusugo tungo sa ibang bansa o sa ibang kultura. Subalit maari rin itong tumukoy sa isang taong humayo tungo sa isang komunidad na nasa loob pa rin ng kanyang sariling bansa.

Ang ebanghelyo ay mabilis na lumalaganap sa ibang panig ng mundo, gawa ng mga misyonerong humahayo sa ibang rehiyon ng kanilang bansa. Ang pagsasanay ay magpapalakas ng kanilang husay at magbibigay ng matuwid na doktrina.

Ang tinaguriang 10/40 Window ay isang lugar mula sa 10 degrees sa Timog tungo sa 40 degrees sa Hilaga ng Ecaudor. Nasasaklaw nito ang hilagang Africa at timog Asya at kabilang rin ang Tsina at India.  Nasa 10/40 Window ang 2/3 populasyon sa mundo. Mahigit 80% ng mga tao sa 10/40 Window ay hindi pa naabot ng ebanghelyo.

May mga bansa sa daigdig na maituturing pa ring hindi nasasakop ng ebanghelyo bagamat ang kanilang mga malalaking lungsod ay may mga matagal ng simbahan. Maaring ang isang tao ay matagal ng naglilingkod sa isang simbahan, subalit wala paring alam kung paano magsimula ng isang ministeryo sa isang bagong lugar. Ang Iglesia ay dapat na magsanay ng mga misyonerong hahayo na taglay ang mensahe ng ebanghelyo at may layuning bumuo ng mga bagong lokal na Kapatiran.

# Kabanata 2
# Pambungad sa Pandaigdigang Pag-aaral sa Ministeryo

## Ang Layon ng Shepherds Global Classroom

Layon ng SGC na sanayin at sangkapan ang Katawan ni Cristo sa iba't ibang panig ng mundo gamit ang programa na sasanay ng pamumuno sa isang lokal na ministeryo.

Ang kompanya ng taxi na tinatawag na Uber ay araw-araw na nakapaghahatid ng 5.5. milyong pasahero. Nangangailangan ito ng maraming manggagawa at sasakyan. Subalit ang Uber ay hindi bumili ng libo-libong sasakyan. Sa halip, kumuha sila ng mga trabahanteng mayroong sariling sasakyan upang ihatid ang mga pasahero ng Uber. Sa pamamagitan nito'y nalutas nila ang kanilang problema sa negosyo. Gayundin naman, ang SGC ay naghahatid ng mga kailangan sa pagsasanay sa iba't ibang lugar na mayroon ng mga potensyal na guro. Ang Diyos ang Siyang nagkakaloob ng mga mananampalataya sa isang lokalidad na may kakayahan at pagnanasa na magturo.

## Saligang Doktrina

Ang SGC ay hindi nakapaloob sa isang partikular na denominasyon. Ito'y kumakapit sa historiko at Trinitarian na mga katuruan na nasasaad sa mga kredo ng Nicene, Chalcedonian, at Athanasian. Tumatalima ito sa ganap na kapamahalaan ng Biblia; kumakapit sa mga ebanghelikal na katuruan hinggil sa biyaya, pananampalataya, at kaligtasan. Ito'y naniniwala na ang pagkilos ng biyaya ng Diyos sa buhay ng mananampalataya ay maghahatid sa kanya ng pusong dalisay at matagumpay na pamumuhay.

## Paglalayong Disenyo ng Kurso

Ang mga gurong may potensyal ay nangangailangan ng isang espesyal na kurikulum na mabilis na tutulong sa kanilang maging handa sa lokal na ministeryo. Ang kurikulim ng SGC ay espesyal na dinisenyo ayon sa mga sumusunod:

- Ito ay mayroong 20 na mga kurso hinggil sa pag-eebanghelyo ng doktrina.
- Ito'y ginawa ng mga subok, hinog sa karanasan, at maalam sa kultura na mga tagapagsanay.
- Ito'y kapakipakinabang sa anumang kultura.
- Ito'y isinulat sa malinaw at simpleng pananalita.
- Ito'y nagbibigay diin sa ebanghelyo ng katotohanan na walang kinikilingang denominasyon.
- Ito'y praktikal at napapanahon sa buhay at ministeryo.

- Ito’y umaangkop sa iba’t ibang kalagayan at uri ng mga grupo.
- Ito’y isinalin sa iba’t ibang wika.
- Ito’y lumilinang ng mga kaloob na bigay ng Diyos sa mga lokal na simbahan.
- Ito’y nagsasanay ng mga pinuno na maging mga tagapagsanay rin na bubuo ng mga lokal na programa.
- Ito’y mabilis na sumasanay sa mga estudyante na makapagturo sa iba.
- Ito’y may mga pag-aaral na maaring gawin ng grupo o ng indibidwal.
- Ito ay may digital na format.
- Ito’y hindi nangangailangan ng dagdag na textbooks.



Ang mga kurso nito ay mula sa mga may-akda na may mataas na akademikong pag-aaral, sanay sa pagtuturo, at maalam sa usaping kultura.

Ang mga kurso sa SGC ay naglalaman ng mga mahahalagang sangkap na alinsunod sa programa ng isang institusyong pang-ministeryo. Kagamit-gamit ang mga ito sa pagtuturo ng iba’t ibang grupo, sa mga pastor man o ng isang grupong nag-aaral ng Biblia sa bahay.

Dinisenyo ang mga kurso sa paraang mabilis na matuturuan ang mga guro na magsagawa ng isang lokal na ministeryo. Ang isang taong may malagong espirituwal, kaalaman sa Biblia, at may kaloob sa pagtuturo ay maaaring ituro ang mga kurso na hindi nangangailangan ng matagal na karanasan sa pag-aaral.

Ang mga kurso ay dinisenyo na madaling ituro, may mga pantalakayang tanong, at mga takdang-aralin. May mga seksyon na maaring ituro ng estudyante bilang pagsasanay. Ang karaniwang haba ng bawat kurso ay 160 na pahina na hinati sa 7-19 na mga aralin.

Ang kurikulum ng SGC ay mahalagang kagamitan o pamamaraan upang maisakatuparan ng Iglesia ang kanyang misyon.

Tandaan: Mas maganda kung ang isang mag-aaral ay mayroon ng kaalaman sa Biblia at may malagong espirituwal. Hindi ginawa ang mga kurso para sa pagdidisipulo ng mga baguhang mananampalataya. Para sa pagdi-disipulo, mungkahi namin na gamitin ang *Cultivate Discipleship Lessons* (na makukuha rin mula sa SGC).

### Istruktura ng Ugnayan sa Ministeryo

**Shepherds Global Classroom** ay kabahagi sa mga **organisasyon ng misyon/nasyunal na mga ministeryo** na nais magkaroon ng mga lokal na pagsasanay. Bawat mission organization/nasyunal na ministeryo ay may layuning tumulong sa mga lokal na simbahan sa pamamagitan ng pagpapasimula **ng mga mga lokal na institusyon**.

Ang sumusunod na mga talaan ay nagpapakita ng gampanin at tungkulin ng

1. Shepherds Global Classroom
2. organisasyon ng misyon/nasyunal na mga ministeryo
3. lokal na institusyon

Sa kanilang pakikiisa sa pagsasanay ng mga tagapaglingkod na Kristyano.

**Ang gampanin ng Pandaigdigang Pag-aaral sa Ministeryo**

- Magbigay ng isang set ng 20 kurso para sa pagsasanay sa ministeryo.
- Gawaing downloadable ang mga kurso mula sa website ng SGC.
- Ibigay ang SGC app na naglalaman ng mga kurso, videos, at kagamitan sa pagsasanay.
- Pangasiwaan ang pagsasalin ng mga kurso sa iba't ibang wika.
- Magbigay ng kurso para sa pagsasanay ng guro at magpadala ng mga tagapagsanay.
- Magbigay ng katibayan o certificate ng pagtatapos sa mga kurso.

**Ang Gampanin ng organisasyon ng misyon/nasyunal na mga ministeryo**

- Ibigay sa mga simbahan ang pagkakataon na pangasiwaan ang kanilang mga lokal na institusyon.
- Ipakilala sa iba ang materyales na gawa ng SGC at magsanay ng mga guro bilang paghahanda sa lokal na institusyon.
- Makiisa sa SGC para sa pagsasagawa ng mga pagsasanay.
- Isaayos ang mga ipi-print at ipapamahaging mga kurso.
- Ibahagi ang website at app ng SGC bilang mga materyales sa pagsasanay.
- Palagiang pakikipag-ugnayan sa mga guro upang magbigay ng payo at mga bagong materyales.
- Tiyakin na natapos ang isang kurso upang makapagbigay ng mga certificate.

**Ang Gampanin ng Local Institute**

- Magbigay ng lugar sa pagtitipon at pag-aaral.
- Maghanap ng mga guro sa lokalidad at magbigay ng suporta kung may kakayahan.
- Humanap at mag-register ng mga estudyante.
- Bayaran ang halaga ng mga nai-print na kurso.
- Magtakda ng oras at magsagawa ng klase.

Ang ika-8 kabanata ay higit na nagbibigay ng mga detalye tungkol sa ugnayan ng mission organization/nasyunal na ministeryo at ng lokal na institusyon.

# Kabanata 3
# Katangian ng isang Potensyal na Guro

## Natatanging Ministeryo

Espesyal ang mga guro. Babala sa atin ni Apostol Santiago na hindi dapat hangarin ng bawat isa na maging guro sapagkat ang guro ay may natatanging pananagutan sa Diyos at hahatulan ayon sa kanyang katapatan (Santiago 3:1).

Babala rin ni Apostol Pablo na ang isang tao ay maaring maging mayabang sa kanyang kaalaman at maliitin ang iba (1 Corinto 8:1). Sinabi niya na pag-ibig ang uudyok sa atin upang patibayin ang iba, kaysa purihin ang ating sarili. Ang mga taong may kaalaman ay dapat na matulungin sa kapwa. Ang kaalaman ay hindi dapat gamitin para magyabang. Kung maghahanap sila ng kapurihan gamit ang kanilang kaalaman, sila'y may maling motibasyon at magdudulot ng kasiraan.

Mahalaga ang mga babalang ito para sa mga taong nagnanais na magturo at maglingkod sa anumang gampanin sa ministeryo. Sila'y hihikayatin na mag-aral upang makapaglingkod ng may kaalaman.

## Katotohanang Nagpapabagong-Buhay

Ang pag-aaral ng Biblia ay nangangailangan ng katangi-tanging asal mula sa isang mag-aaral. Maaaring pag-aralan ng isang tao ang Science at Mathematics na walang nakikitang pagbabago sa kanyang asal sa buhay. Maaaring ang isang mag-aaral ay hindi pa rin magbago kahit na may nakamit siyang kaalaman. Subalit ang pag-aaral sa katotohanan ng Biblia ay naiiba. Ang mag-aaral ng Biblia ay laging hinahamon na magbago sa tuwing siya'y nag-aaral nito. Kaya't dapat nilang pakumbabang hayaan ang Banal na Espiritu na baguhin ang kanilang pag-uugali; na ito'y tumalima sa katotohanang kanilang natutuhan. Ang katotohanan ng Biblia ay bumabago ng buhay.

## Mga Katangian ng isang SGC na Guro

Dagdag sa mga katangiang nabanggit sa kabanatang ito, ang isang estudyante, na nasa kurso ng pagsasanay na maging guro, ay dapat na kaanib ng isang lokal na simbahan at mayroong rekomendasyon ng kanyang pastor.

Ang SGC na guro ay dapat na may malagong espirituwal, mahusay sa pagtuturo, at may kaalaman sa Biblia.

Akademikong pangangailangan: Ang guro ay dapat na may kakayahang bumasa, umunawa, at magpaliwanag ng kurso. Bagamat ang academic degree ay magbibigay sa guro ng mga pamamaraan sa pagtuturo at malalim na kaalaman, layon ng SGC na magsanay ng mga guro na magkaroon rin ng gayong kakayahan. Ito ang dahilan kung bakit hindi kami

nakadepende sa mga gurong may academic degree. Sa halip, kami'y umaasa sa katapatan ng Diyos na magbigay ng espirituwal na kakayahan sa mga gurong may potensyal. Umaasa kami na makatagpo at makapagsanay ng mga gayong tao.

Ang talaan sa ibaba ay naglalaman ng iba pang mahahalagang katangian. Maaaring hindi pa mataas ang antas ng isang guro sa isang katangian, subalit dapat niyang sikapin na maging mahusay sa lahat ng ito. Ang mga gurong may kakulangan sa isang katangian ay hindi magiging lubos na mabisa.

1. **Malagong espirituwal**. Ang guro ay dapat na maging mabuting halimbawa sa espirituwal na katangian. Kung ang buhay at ugali ng isang guro ay hindi tugma sa kanyang pagka-Kristyano, hindi siya magiging mabuting halimbawa para sa mga mag-aaral.

2. **Laging Handa**. Kung ang iskedyul ng isang tao ay siksik na at hindi maayos, hindi siya maaring makabahagi sa ministeryo ng pagtuturo. Dapat makita ng guro ang pagtuturo na isang prayoridad. Ang mga talentado ay hindi dapat na ilagay sa ganitong ministeryo sapagkat hahadlangan sila ng iba pang gawain na tumatawag sa iba pa nilang kakayahan.

3. **Maasahan**. Ang guro ay dapat na tumutupad sa kanyang panata. Sila'y dapat na maagap at sumusunod sa itinakdang oras. Madidismaya sa kanya ang kanyang mga tinuturuan kung huli o di siya makarating sa klase.

4. **Tiwala sa Sarili**. Dapat na naniniwala ang isang guro na kayang niyang pangunahan ang isang grupo. Dapat siyang magsanay upang higit na mahubog ang tiwala sa sarili.

5. **Kakayahang Ayusin ang Pagtatalo**. Kailangan sa guro ang tamang pag-uugali kapag nakakaharap siya ng mga taong gumagawa ng problema at di sumasang-ayon sa kanyang sinasabi. Dapat na magawa rin niyang lutasin ang pagtatalo sa pagitan ng mga mag-aaral.

6. **Kakayahang Magturo**. Nauunawaan ba ng mga tagapakinig ang kanyang tinuturo? Hindi dapat nagbibigay ng kalituhan ang guro.

7. **Pananabik sa Salita ng Diyos**. Ang mga guro ay dapat na sabik sa Salita ng Diyos upang magawa nilang anyayahan ang iba na masiyahan rin dito. Ang Biblia ay dapat na mahalaga sa kanilang relasyon sa Diyos.

8. **Nagtitiwala sa Diyos**. Dapat maunawaan ng mga guro na ang espirituwal na bunga ng kanilang ginagawa ay mangyayari lamang sa tulong ng Banal na Espiritu. Dapat na may pakikipisan sila sa Banal na Espiritu. Dapat silang umasa sa basbas ng Diyos. Hindi sila dapat magtiwala sa kanilang husay sa pagpapaliwanag at sariling kakayahan.

9. **Handang Maglingkod**. Ang mga guro ay hindi dapat naghahangad na paglingkuran. Hindi sila dapat naghahanap ng ministeryong sisikat ang kanilang mga talento. Sa halip, dapat na handa silang tumugon sa pangangailangan ng may pagkukusa.

10. **Nasasailalim ng Espirituwal na Pananagutan**. Ang mga guro ay dapat na may katuwang at bantay sa pananagutan. Sila'y sumusunod sa payo at halimbawa ng isang mabuting espirituwal na pinuno.

11. **Tapat sa Iglesia**. Ang mga guro ay dapat na tapat na kaanib ng isang lokal na simbahan. Ang kanilang pagtuturo ay dapat na humikayat sa mga taong pahalagahan ang simbahan at maging kaanib nito.

12. **Sigasig na magtagumpay**. Kung ang mga guro ay may sigasig na magtagumpay, hindi sila madaling sumuko. Kaya nilang makibagay sa pangyayari. Maghahanap sila ng mga impormasyon na magpapahusay sa kanila. Mangunguna sila sa paglutas ng problema. Sinasamantala nila ang bawat pagkakataong naibibigay sa kanila. Mayroon silang sigla at sigasig.

13. **Wastong katuruan**. Bawat guro ay dapat na mayroong matuwid na pundasyon na hango sa Biblia at ebanghelikal na doktrina.

14. **Subok sa karanasan sa ministeryo**. Ang mga guro ay dapat na mayroon ng sapat na karanasan sa matapat na paglilingkod sa simbahan.

# Kabanata 4
# Pag-unawa sa mga Mag-aaral

## MakaDiyos na Katangian

Yamang ang layon ng programa ng SGC ay pagsasanay sa ministeryo, ang estudyante ay dapat na isang Kristyano na may mabuting patotoo at makaDiyos na pamumuhay. Hindi mauunawaan at maiibigan ng Di-Mananampalataya ang nilalaman ng mga kurso.

Dapat na naniniwala ang isang estudyante sa mahahalagang katuruang Kristyano sa kasaysayan, kasama na rito ang ebanghelikal na doktrina. Nilikha ang programang ito upang paglingkuran ang Katawan ni Cristo sa iba't ibang panig ng mundo, kaya't ang tinatanging paniniwala ng isang denominasyon ay hindi kinakailangan.


Ang estudyante ay dapat miyembro at nakikibahagi sa panambahan at pagsasama ng kanyang simbahan. Ang mga estudyante na walang kinabibilangan at pinaglilingkurang simbahan ay hindi mabuting kandidato sa pagsasanay na ito. Marapat, na kabahagi sila ng isang simbahan upang maibahagi nila rito ang kanilang natutuhan. May ilan sa mga takdang-aralin na nangangailangan ng partisipasyon sa iyong simbahan.

## Kailangang Antas ng Akademiko

Ang disenyo ng ating lokal na institusyon ay para maglingkod sa mga mag-aaral na marunong bumasa at sumulat. Hindi kinakailangan na sila'y nagtapos ng paaralan, ngunit dapat na marunong bumasa at sumulat upang maunawaan nila ang mga kurso at matapos ang mga takdang aralin. Ang Institusyon ay magbibigay ng certificate o katibayan ng pag-aaral sa antas na ito.

May ibang pamamaraan ng pagtuturo na maaaring ibigay sa mga estudyante na nais matuto ngunit hindi magawa ang mga takdang aralin. Halimbawa, maaring magturo ang isang guro sa pangkalahatang pagtitipon o kaya'y sa kanilang bahay; ito'y para sa mga taong hirap magbasa at hindi magawa ang mga takdang-aralin.

## Pag-unawa sa mga Mag-aaral



Ang mga mag-aaral na naka-enrol sa lokal na institusyon ng SGC ay naiiba sa estudyante ng ibang mga institusyon. Hindi na sila mga batang nag-aaral sa eskwela. Iba sila sa mga estudyante ng unibersidad at maging sa mga estudyante sa Bible College. Dahil rito, ang mga guro ay dapat na makibagay sa ganitong kalagayan. Maaaring ang akademikong antas ng ilan sa mga estudyante ay mababa kumpara sa mga nag-aaral sa kolehiyo. Dapat na ibaba ng mga guro ang kanilang mataas na ekspektasyon. Dapat nilang ipaliwanag kung paano gawin

ang takdang-aralin. Hindi nila dapat hayaan ang katamaran at kapabayaan, ngunit dapat na isagawa nila ang pagtutuwid sa paraang kagalang-galang at nagpapalakas ng loob.

Tandaan na kung talagang tinatawag ng Diyos ang isang tao sa ministeryo, siya'y bibigyan ng Diyos ng mga kakayahan na kinakailangan. Maaaring may iba sa mga estudyante na naipapakita na ang basbas at pagpapala ng Diyos sa kanilang ministeryo. Ating tungkulin kung gayon na sila'y hubugin. Isang pagkakamali na panghinain ang kanilang loob.

Maaaring magkaroon ng magkakaibang edad sa mga estudyante sa bawat grupo ng SGC. May iba na maaaring katatapos lang sa isang paaralan. May iba na maaaring lolo at lola na sa edad. Maaari rin na may ibang nagpapastor na sa matagal na panahon. Minsan, ang estudyante ay mas matanda pa sa guro.

Ang estudyante na dalawangpung taon ang edad na katatapos lang sa isang paaralan ay maaring lampas sa akademikong husay kumpara sa pastor na animnapung taon ang edad. Gayunpaman, bawat isa sa kanila ay dapat pakitaan ng paggalang. Hindi natin dapat parangalan ang akademikong kakayahan sa paraang ibinababa natin ang karanasan at maturidad. Bagamat binibigyang diin natin ang akademikong pangangailangan, hindi natin dapat ipahiya ang mga estudyanteng hindi nakarating sa gayong antas.

### Mga Katangian ng Adultong Mag-aaral

*Ang adultong mag-aaral* ay tumutukoy sa estudyanteng nasa hustong gulang. Sila'y maaring may asawa na at mga anak. Sila'y maaring nagtratrabaho sa isang uri ng hanapbuhay o kaya'y nasa isang ministeryo. Ang mga tulad nila'y may iba't iba ng karanasan sa buhay. Kapag ang isang adulto ay nagpasyang maging estudyante muli, sila ay may mga nais na makamit na adhikain.

Ang istilo ng guro at ng kanyang klase ay dapat na dinisenyo sa pangangailangan ng adultong mag-aaral.

1. **Nais ng mga adultong mag-aaral ang pagsasanay na mabilis na makatutulong sa kanila**. Dapat nilang matalakay at magawa ang mga bagay na kanilang natututuhan. Ang klase ay dapat na magbigay ng panahon sa mga estudyante na maisip kung paano nila maisasagawa ang kanilang natutuhan. Hindi dapat ubusin ng guro ang kanyang panahon sa pagtuturo ng mga materyales na hindi nakikipagtalakayan sa mga estudyante.

2. **Nais madama ng adultong mag-aaral ang respeto**. Mayroon na silang mga malalaking pananagutan sa buhay at ayaw nilang tratuhin silang parang mga bata. Ang mga guro ay dapat na magpakita ng ugali na handang matuto mula sa kanila. Dapat nilang igalang ang karanasan at pananaw ng kanilang mga estudyante.

3. **Nais ng mga adultong mag-aaral na mahasa ang kanilang pagpapasya habang sila'y nag-aaral**. Dahil sa kanilang mga karanasan at pangarap sa buhay, may mga pag-aaral na maaaring maging napapanahon at kawiliwili sa kanila. Dapat

silang bigyan ng kalayaan na linangin ang kanilang interes at paunlarin ang estilo ng pag-aaral.

4. **Gusto ng adultong mag-aaral na naipra-praktis sa klase ang kanyang natutunan**. Dapat na bigyan sila ng guro ng mga gawain na kanilang maipri-presenta; mga seksyon sa aklat na ipapaliwanag; at mga tanong na sasagutin. May mga pagkakataon na magbabahagi sila ng kwento sa kanilang karanasan. Bagamat hindi nais ng isang guro na maaksaya ang kanilang oras, subalit dapat niyang maunawaan na ang pagkwekwento ay maaring paraan ng kanyang mga estudyante na isabuhay ang kanilang natutuhan.

5. **Bumubuo ng ugnayan ang adultong mag-aaral sa kanyang kapwa mag-aaral**. Natututo sila sa pananaw ng bawat isa. Nahuhubog sa kanila ang paggalang sa isa't isa. Hindi nila malilimutan ang makabuluhang pakikipag-ugnayan sa isa't isa. May pagkakataon na kailangang pagpangkatin sila sa grupo para sa talakayan.

6. **Nais ng adultong mag-aaral na bumuo ng kanyang sariling konklusyon**. Inaasahan niya ang bukas na pakikinig sa iba't ibang opinyon.

7. **Likas sa adultong mag-aaral na hangaan at igalang ang kanyang guro**. Hindi nila nais na may pagitan sa kanilang katatayuan at ng guro, na madalas ay nangyayari sa mga unibersidad. Higit nilang pinapahalagahan ang personal na pansin ng guro. Hindi lamang nila hinahangaan ang kaalaman ng guro kundi pati na rin ang kanyang karakter.

## Feedback para sa mga Estudyante

Dapat na nagbibigay ng panahon ang guro na mapag-usapan ng mga estudyante ang magandang gawi sa pag-aaral. Mahalagang magkaroon sila ng disiplina at isaayos ang kanilang iskedyul.

Dapat ingatan ng guro ang rekord ng mga takdang aralin at attendance. Sa pagtatapos ng kurso, ang mga rekord na ito ang siyang magiging batayan ng grado. Habang pinag-aaralan ang kurso at may mga estudyante na hindi makasabay ng maayos, kailangang kausapin sila ng guro at turuan kung paano mapapalago ang sarili.

Mahalagang natitiyak ng guro na nauunawaan ng estudyante kung paano gawin ang takdang-aralin. Ang mga takdang-aralin na hindi nagawang maayos ay dapat na isauli sa estudyante upang ayusin at pabutihin. Subalit dapat na tiyakin ng guro na nauunawaan ng estudyante kung paano pabutihin ang kanyang aralin.

Kapag ng dahil sa attendance o takdang-aralin ang grado ng estudyante ay bumababa, kailangang kausapin sila ng guro kung paano nila ito mapapabuti. Hindi dapat masurpresa ang mga estudyante sa lagay ng kanilang grado sa katapusan ng kurso.

# Kabanata 5
# Pamamaraan para sa Mabuting Pagtuturo

## PAGSASAAYOS ng Estilo ng Klase

Sa pagpapasimula ng pagsasanay, mayroong pananabik at ekspektasyon. Madalas na hindi alam ng estudyante kung ano ang mangyayari, ngunit inaasahan nilang matulungan ng grupo.

Ang unang pagkikita ng klase ay maaaring maging iba sa mga susunod na pagkikita sapagkat kinakailangan na magbigay ng pambungad at ilatag ang ilang pagpapaliwanag tungkol sa klase. Gayunpaman, ang unang pagkikita ang siyang maglalatag ng estilo ng mga susunod na pagkikita. Halimbawa, kapag may isang mag-aaral na tahimik sa unang pagkikita, maaring maging tahimik siya sa mga susunod pang pagtatagpo. Kapag ang talakayan ay pinangingibabawan lamang ng isang tao, maaring ganoon pa rin ang mangyari sa susunod na pagtatagpo. Kapag kakaunti ang partisipasyon sa klase, aasahan na gayon din ang mangyayari sa mga susunod pang klase.

Maaaring may ibang mga estudyante na huminto at umalis sa pagsasanay gawa ng kanilang di inaasahang nakita sa mga nagdaang klase. Totoo na ang klase ay hindi natin madidisenyo sa paraang magbibigay kasiyahan sa lahat, subalit kailangan natin itong isaayos sa paraang magugustuhan ng mga estudyanteng nais matuto. Dapat na pangunahang mabuti ang klase upang hindi madismaya ang mga estudyanteng may mabuting inaasahan.

## Nilalayong mga Resulta

Ang pinaka nilalayon nating resulta para sa ating pagsasanay ay ang magkaroon ng mga epektibong ministeryo at matapat na pamumuhay Kristyano. Ang mabisang pastor, guro, ebanghelista, at misyonero ang mga bungang nais nating makamit.

Dapat suriin ng mga guro ang agaran at nakikitang mga resulta upang malaman kung ang ginagawa nila sa klase ay epektibo. Dapat agad malaman ng mga guro kung epektibo ang kanilang ginagawa sa klase; na hindi na hihintayin pang pumasok muna sa ministeryo ang kanilang mga estudyante upang ito'y mapatunayan.

Ang atensyon ng mga mag-aaral sa klase ang unang bagay na dapat makuha ng guro. Dapat panatilihin ng guro ang kaayusan sa klase upang maibigay ng mga mag-aaral ang kanilang atensyon. Hindi pwedeng isisi ng guro sa mga estudyante ang dahilan ng mababang atensyon. Dapat na ginagawang kaibig-ibig ng guro ang klase.

May mga tanda na ang isang klase ay masasabing matagumpay. Ilan sa mga tanda ay pakikilahok ng mga estudyante sa talakayan, pagbibigay ng magandang tanong, maayos na attendance, natatapos na mga takdang-aralin, at masiglang pagkatuto. Kung hindi

nakikita ng guro ang mga tandang ito, dapat na mag-isip siya ng paraan na magpapabuti ng kalagayan sa kanyang klase.

## Karagdagang Tuntunin para sa Maayos na Pagtuturo



1. **Pahalagahan ang oras**. Dapat na simulan at tapusin ang meeting sa itinakdang oras. Hindi mo dapat hintayin na dumating ang lahat. Kung huli o late ka ng magsimula, natatapakan mo ang oras ng mga estudyanteng may tungkulin pang dapat gawin. Sa ibang kultura, maaring hindi nila masyadong tinitingnan ang oras. Gayunpaman, maging ang gayong kultura ay marunong sumunod sa itinakdang oras kapag sila'y nasa trabaho o kaya'y may biyahe. Sa gayunding paraan, dapat pahalagahan ng guro ang oras ng klase.

2. **Subukang ayusin ang inuupuan ng mga estudyante sa pabilog na paraan**. Sapagkat mahalaga ang talakayan, kailangang nakikita ng mga estudyante ang mukha ng isa't isa.

3. **Makinig ng mabuti kapag nagsasalita ang mga estudyante**. Isang tanda ng mabuting pakikinig ay eye contact, pagharap sa nagsasalita, di pagpansin sa mga disturbo sa paligid, at pagbibigay reaksyon sa damdamin o patawa ng nagsasalita.

4. **Tiyaking walang estudyante na nananatiling tahimik**. Tanungin mo ng direkta ang isang estudyante na hindi masyadong nagsasalita ("Charles, anong palagay mo sa bagay na ito?").

5. **Magbigay ng tanong na kayang sagutin ng estudyante upang magkaroon sila ng kumpiyansa**. Kapag mali ang sagot ng isang estudyante, purihin mo pa rin yung bagay na tama sa kanyang sinabi, bago mo ipaalam ang talagang tamang sagot.

6. **Purihin ang bawat komento bago ipaalam ang tamang sagot**. Nagkakaroon ng kumpiyansa ang mga estudyante kapag ang partisipasyon nila ay kinikilala.

7. **Huwag mong hayaan ang isang estudyante na madalas magsalita at sumasagot sa lahat ng tanong**. Maari mong tanungin ng direkta ang iba. O kaya sabihin mo, "Anong palagay ng iba sa inyo tungkol rito?" Sa oras ng talakayan, maari mong sabihin, "Pakinggan naman natin ang palagay ng iba na hindi pa nagsasalita tungkol rito."

Kapag may mga mag-aaral na madalas magsalita at di nagbibigay daan sa iba, maari mo silang kausapin pagkatapos ng meeting. Pwede mong sabihin sa kanila ang ganito: "Charles, mabilis kang matuto at mabilis tumugon sa ating talakayan. Subalit nangangamba akong hindi makapagbabahagi ang iba sapagkat kaagad na nasasagot na natin ang lahat. Maari mo ba akong tulungan na isali sila sa talakayan?"

8. **Huwag mong hayaan ang dalawa o tatlong estudyante na nagtatalo tungkol sa isang bagay at walang pakialam sa kanilang grupo**. Kung may isa na patuloy pa rin sa kanyang pangangatuwiran, sabihin mo sa kanya na kailangang matapos ang inyong diskusyon.

9. **Huwag hayaan na maabala ang isang nagsasalita**. Kapag may biglang sisingit at puputulin ang sinasabi ng isang nagsasalita, kailangan mo pigilan ang taong iyan. Dahil kung hindi, ang diskusyun ninyo ay laging pangingibabawan ng taong nais laging mapakinggan. Ang mga taong hindi masyadong mahusay magsalita ay maaring madismaya sapagkat hindi nila matapos ang kanilang gustong sabihin.

10. **Makinig sa mga reklamo**. Bawat reklamo ay pwedeng magpakita ng bagay na dapat isaayos. Huwag mong balewalain ang mga tanda ng pagkadismaya. Kapag may isang nadidismaya sa klase, maaring malabo sa kanya ang layunin ng inyong ginagawa o kaya'y may reklamong dapat mong malaman.

11. **Sawayin mo ang mapaggambalang estudyante**. Kapag may isang estudyante na talagang lagi na lang maargumento, disturbo, o kaya'y tinatamad, maaring hindi niya matanggap ang layunin ng inyong klase. Kausapin mo siya ng pribado at tulungan siyang maunawaan ang layon ng inyong pag-aaral.

12. **Huwag kang magkunwari na alam mo ang sagot kung hindi naman talaga**. Hindi alam ng guro ang lahat ng bagay. Ayos lang na sabihin sa iyong mga estudyante na hahanapin mo pa lang sagot.

13. **Huwag mong hayaan na ang talakayan ay maging mapanghusga**. Huwag mong hayaan na ang inyong grupo ay maging forum ng pambabatikos sa mga lokal na simbahan at mga namumuno rito. May mga pastor na nababahala kapag may mga miyembro silang nakikilahok sa isang klase.

14. **Kilalanin mo ang iyong mga estudyante**. Mas mabisa mo silang matuturuan kung alam mo ang sitwasyon sa kanilang pamilya, o kaya'y karanasan sa ministeryo, akademikong kalagayan, kasalukuyang katatayuan sa ministeryo, at pangarap sa buhay. Subukan mong alamin ang mga bagay na ito sa iyong personal na pakikipag-usap sa kanila.

Ang ibang tuntunin para sa maayos na pagtuturo at ang katangian ng adultong mag-aaral ay ibibigay sa Kabanata 6.

# Kabanata 6
# Paano Ituro ang mga Kurso ng SGC

## Ang Silid-Aralan

Dapat maagang ayusin ng guro ang silid-aralan. Ang upuan ng mga mag-aaral ay dapat na nakaayos sa paraang nakikita nila ang isa't-isa. Magandang tiyakin na ang silid-aralan ay malayo sa ingay at iba pang makakadisturbo sa klase. Bukod dito, marapat ding tiyakin na komportable ang mga upuan, ang temperatura, at ang ilaw. Maaari ring gawin sa isang tahimik na lugar ang pag-aaral.

Ang silid-aralan ay dapat na may malaking pisara na malayang makapagsusulat at makaguhit.

## Ang Unang Araw ng Pasukan

Kailangang ipakilala ng mga guro ang kanilang mga sarili. Maaari silang magbahagi ng tungkol sa kanilang pamilya, nakaraan o kasalukuyang ministeryo, mga karanasan, at mga dati nilang pinagturuan na mga institusyon o paaralan. Iwasan ang pagbanggit ng mga nakamtang parangal para lamang ipaalam ang mataas na katungkulan. Dapat tandaan na ang layunin ng pagbabahagi ng mga impormasyong ito ay upang makabuo ng relasyon sa mga mag-aaral.

Ang mga mag-aaral ay dapat ring magpakilala ng kanilang mga sarili. Ang guro ay maaaring magtanong ng isa o dalawang tanong sa bawat mag-aaral upang magkaroon ng koneksyon sa kanila.

Pagkatapos ng mga pagpapakilala, maaaring maglaan ng oras sa panalangin. Manalangin sa Diyos na gamitin ang inyong klase na matugunan ang mga pangangailangan ng mga mag-aaral. Dapat na magpakita ng pagtitiwala sa Diyos ang guro upang maging kapaki-pakinabang at magbunga ng pagbabago ang kanyang pagtuturo. Ang mga susunod na klase ay dapat na magsimula sa panalangin at maaari ring magbahagi ng kani-kaniyang panalangin ang bawat isa.

Sabihin ng guro kung anong materyales ang dapat na dalhin, gaya ng Biblia, kopya ng mga kurso, at iba pa. Para sa kapakinabangan ng mga mag-aaral, makabubuting isulat nila ang mga mahahalagang bagay na kanilang natututuhan. (Lahat ng materyales sa pagsusulit ay nasa teksto ng kurso.)

Pagkatapos ng mga pagpapakilala, ang lagay ng klase sa unang araw ay dapat na maging batayan ng magiging klase sa hinaharap. Mahalaga ito upang malaman ng mga mag-aaral kung ano ang kanilang gagawin sa susunod.

## Disenyo ng Aralin

Ang kurso ng SGC ay hindi lamang aklat, kundi dinisenyo para sa pagtuturo. Ang bawat aralin ay may panuto sa unahang pahina upang sundin ng mga guro. Ang mga kurso ay magkakahawig, ngunit ang disenyo ay hindi.

Ang kurso ay nagsisimula sa mga layunin ng aralin. Ang mga ito ay hindi na kinakailangan pang basahin ng guro sa mga mag-aaral.

Madami sa mga aralin ay nagsisimula sa isang tanong, kwento, o kaya'y ilang pamamaraan para makuha ang interes ng mga mag-aaral at madamang mahalaga ang paksa.

Maaaring isa-isahin ng guro ang bawat pahina ng mga aralin habang pinapaliwanag sa mga mag-aaral ang mga nakasaad rito. Dapat na maghandang maaga ang mga guro upang matiyak na nauunawaan nila ang mga aralin. Maaaring bigyang pansin ng guro ang mga kapansin-pansin o mga susing mga salita upang matulungan silang maipaliwanag ng malinaw sa klase ang mga aralin.



Mayroong makikitang mga pantalakay na tanong sa ilang bahagi ng teksto. Minsan, may tanong na nagpapakilala ng isang paksa. May pagkakataon ring ang sagot sa tanong ay ang tungkol sa natapos na aralin. Ang mga tanong ay hindi lamang sinasagot ng "Oo" o "Hindi." Ito ay dapat na ipaliwanag ng mga mag-aaral. Hindi kailangan na ang talakayan ay magtapos sa isang partikular na konklusyon, lalo't kung ang tanong ay maaaring maging pambungad sa susunod na materyal.

Kung mapansin ng guro na siya na lamang ang nagsasalita sa loob ng ilang minuto, maaari siyang magtanong sa mga mag-aaral. Maaari ring magbigay ng karagdagang katanungan ang guro para sa mahabang talakayin.

Minsan, isang hamon ang pagpapanatili ng talakayang maayos. Ngunit hindi matututo ang mga mag-aaral kung walang talakayan. Kailangan nila ng oras ng pag-iisip at pakikinig sa kuro-kuro ng iba upang malaman nila kung paano maisabuhay sa kanilang kultura at sitwasyon sa simbahan ang kanilang pinag-aaralan.

Madalas na ang aralin ay nagtatapos sa takdang-aralin. Kailangang ipaliwanag ng guro ang takdang-aralin. Kung maraming aralin ang tinalakay sa isang araw, kailangang tiyakin ng guro na nauunawan ng mga mag-aaral ang mga takdang-aralin na ipapasa sa susunod na araw ng klase.

## Mga Susunod na Araw ng Klase

Ang mga takdang-aralin ay ipapasa sa susunod na araw ng klase. Ang guro ang siyang mangongolekta ng mga takdang-aralin sa simula ng klase. Ang ilan sa mga presentasyon ng mga mag-aaral ay maaring gawin sa simula ng klase at ang ilan ay maaaring sa susunod.

Kung mayroong pagsusulit o bagay na isusulat gamit lamang ang memorya, tiyakin na ang mga mag-aaral ay naka-upo ng magkakahiwalay upang maiwasan ang kopyahan ng sagot.

Bukod sa mga itinakdang presentasyon ng mga mag-aaral, ang guro ay maaaring magtalaga rin ng mga mag-aaral na tatalakay sa isang bahagi ng kurso. Ito ay dapat na maagang ipaalam sa mag-aaral upang siya ay makapaghanda.

# Kabanata 7
# Pagtuklas sa mga maaaring maging Guro

## Tatlong Paraan sa Paggamit ng Kabanatang Ito

1. **Gagamitin ng isang tagapagsanay ang mga metodolohiya sa kabanatang ito upang mapaunlad ang mga lokal na guro**. Kung wala pang may kakayahang magturo sa isang lokal na simbahan, ang tagapagsanay ay hindi maaring magpasimula ng isang lokal na programa. Ngunit sa kabanatang ito, malalaman ng tagapagsanay kung paano tulungang magsimula ang mga lokal na guro.

2. **Tuturuan ng tagapagsanay ang mga lokal na guro sa paggamit ng metodolohiyang ito para sa kanilang mga mag-aaral**. Kung ang lokal na guro ng pasisimulang bagong gawain ay may kakayahan ng magturo, hindi na kailangan pa ng tagapagsanay na gamitin ang mga gawain sa kabanatang ito. Ang tagapagsanay ang magtuturo ng mga pamamaraan sa mga lokal na guro upang magamit nila ang mga nasabing pagsasanay sa kanilang mga mag-aaral.

3. **Ang lokal na guro ang magsasanay sa mga mag-aaral**. Dapat na paunlarin ng guro ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagmi-ministeryo. Ang mga pamamaraan na ipinapakita sa kabanatang ito ay mabisang tulong sa mga mag-aaral na magawang makapagsalita sa harapan ng grupo.

## Ang Halaga ng Pagkakaroon ng Guro

Minsan, kapag bumibisita ang mga kinatawan ng SGC sa mga simbahan, sila ay nakatatagpo agad ng mga taong handang magsimulang magturo ng mga kurso. Karaniwan, ang mga potensyal na guro na ito ay mga taong mayroon ng akademikong kasanayan at karanasan sa pagtuturo. Madali nilang maunawaan at ituro ang kurso. May mga tuntunin na nakasulat sa harap ng bawat kurso. Mayroon ring mga pantalakay na tanong. Ang kurso ay hindi lamang aklat kundi kagamit-gamit sa pagtuturo.

Ang mga kurso ay dinisenyo upang ang taong may kasanayan sa pagbabasa, kaalaman sa Biblia, at kakayahang magturo, ay mabilis na matutong gamitin ang mga kurso. Gayunpaman, minsan ang mga taong walang sapat na akademikong kasanayan ay alangan na magturo. Madalas nilang isipin na ang sanay lamang sa pagtuturo ang pwedeng magturo ng kurso.

Ang Diyos ay may kakayahang magbigay ng kaloob ng pagtuturo sa mga taong hindi nagkaroon ng pagkakataong makapag-aral sa isang unibersidad. Dahil ang mga guro ay kailangan sa simbahan, maari tayong magtiwala na ang Diyos ay magbibigay ng mga taong may kakayahang magturo saanman naroroon ang simbahan (Efeso 4:11-12).

May mga taong walang kamalay-malay na nakabuo na pala sila ng kakayahang magturo hango sa kanilang karanasan sa buhay. Halimbawa, naipapaliwanag nila ang mga bagay-bagay sa kanilang tahanan at sa trabaho. Natutulungan nila ang ibang tao na lumutas ng mga problema. Nagkaroon sila ng reputasyon bilang mahusay na tagapagpaliwanag. O kaya, kahit noong sila ay mga mag-aaral pa lang sa isang paaralan, sila ay naging bihasa na sa pagbabasa, pag-unawa, at pagpapaliwanag. Ngunit wala silang kamalayan sa kanilang naging kakayahan.

Dapat tulungan ng isang tagapagsanay ang mga may potensyal na maging guro na matuklasan ang kanilang kakayahan sa pamamagitan ng paggabay sa kanila kung paano magturo. Sa pamamagitan ng karanasan, magkakaroon sila ng kumpiyansa na magsalita sa harapan ng mga tao.

**Mga Paraan Upang Mahubog ang Kakayahan na Magsalita**

1. **Bigyan ang mga mag-aaral ng mga paksang madali nilang talakayin.** Maaring ilang minuto lang ang haba ng kanilang pagtalakay. Kung may mga mag-aaral na kinakabahan sa pagtayo sa harap ng grupo, maari nilang gawin ang kanilang pagtalakay habang nasa kanilang mga upuan.

    - Halimbawa ng mga bagay na madaling talakayin o ibahagi:
    - Magbahagi ng isang hamon na naranasan mo sa pagkabata.
    - Magkwento ng tungkol sa isang kamag-anak na naging mahalaga sa iyo.
    - Magtanong sa isang mag-aaral ng ilang mga katanugan at pagkatapos ay ipakilala siya sa inyong grupo.
    - Ano ang isang lugar na gusto mong puntahan? Bakit?
    - Ipaalam ang isa sa paborito mong talata sa Biblia.
    - Ibahagi ang isang karaniwang araw sa iyong trabaho.
    - Ano ang naalala mo mula sa isang sermon na narinig mo kamakailan lang?

2. **Magbigay ng tanong sa mag-aaral.** Ang tanong ay dapat na nangangailangan ng ilang paliwanag, hindi dapat maikling sagot. Ang tanong ay dapat na masasagot ng mag-aaral upang maging kumpiyansa siya at hindi mapahiya.

3. **Hilingin sa mga mag-aaral na ipaliwanag ang kanilang naisulat na takdang-aralin sa grupo.** Ang mga kurso ay nangangailangan ng iba't ibang sulating takdang-aralin. Kahit na ang tagapagsanay ay naroroon lamang ng isang araw, ang mga mag-aaral ay maaring bigyan ng pagkakataon na isulat ang isa sa mga takdang-aralin at ibahagi ito.

4. **Pagpangkatin ang mga mag-aaral sa tatlong grupo bilang kanilang pagsasanay sa pagtuturo**. Ipaturo sa bawat isa ang isang maikling seksyon. Sa pamamagitan nito’y makapagsasanay sila ng sabay-sabay sa harapan ng ilang tagapakinig.

5. **Hilingin sa isang mag-aaral na ipaliwanag ang isang seksyon mula sa isang aralin.** May mga seksyon sa kurso na maikli lamang ang paliwanag sa isang konsepto. Maagang hilingin sa isang estudyante na maging handa sa pagpapaliwanag ng isang seksyon sa loob ng ilang minuto.

6. **Hilingin sa isang may kasanayang mag-aaral na magturo ng isang aralin mula sa kurso.** Ang pinakamadaling paraan para sa isang mag-aaral na maituro ang isang aralin ay sa pamamagitan ng paksang narinig niyang itinuro ng iba. Ngunit isang mataas na antas ng kakayahan na ituro ang isang aralin na hindi pa naituro sa isang mag-aaral. Maaring madama ng tagapagsanay na pagturuin ang matalinong mag-aaral na iyon hangga't maaari. Subalit maaaring mas gusto ng klase na pakinggan ang tagapagsanay. Ano man ang lagay, tiyaking makapagbigay ng pagkakataon sa iba na makapagturo.

7. **Gamitin ang "Table Talk" na paraan.** Ang mga estudyante ay mauupo sa paligid ng isang mesa habang hawak ang kanilang mga aklat sa kurso. Hindi nila kasamang mauupo ang guro. Ang mga mag-aaral ay maghahalinhinan sa pag-uusap tungkol sa isang bagay sa aralin. May isang mag-aaral na mamumuno sa kanilang talakayan at pagbabahagi sa pamamagitan ng mga tanong. Maaring matuklasan ng grupo na maari pala silang matuto kahit na wala ang patnubay ng guro. Ang paraang ito ay magbibigay daan upang ang grupo ay makahanap ng magiging guro sa kanilang lugar.

## Konklusyon

Layon ng SGC na magtatag ng lokal na pagsasanay sa ministeryo saan mang lugar. Ang pagsasanay ay maaring mangyari sa lahat ng dako sa pamamagitan ng mga taong pinagkalooban ng Diyos ng kakayahan at pang-unawa sa Biblia. Dapat tandaan ng mga guro na ang kanilang layunin ay hindi lamang magbahagi ng kaalaman, kundi ang sanayin ang mga estudyante na maipaliwanag ang katotohanan sa iba.


# Kabanata 8
# Pagpapatakbo ng Lokal na Institusyon ng Ministeryo

## Pambungad

Ang mga kurso mula sa SGC ay ginagamit sa iba't ibang uri ng mga programa. Ilang sekondaryang paaralan ay gumagamit ng mga kurso. Ilang simbahan ay gumagamit ng mga kurso para sa kanilang Sunday school. May mga Home Bible study na gumagamit rin ng kurso. May mga pastor na pumipili ng materyal mula sa mga kurso upang magamit nila sa pangangaral at pagtuturo.

Ang mga tuntunin sa kabanatang ito ay tungkol sa pagpapatakbo ng isang lokal na institusyon na gagamitin ang 20 kurso ng SGC bilang kumpletong programa sa pag-aaral.

## Antas ng Akademiko



Ang kumpletong set ng mga kurso ng SGC ay naglalaman ng mahahalagang aralin ayon sa kurikulum ng isang Bible college. Isinulat ang mga ito sa madaling bokabularyo.

Ang isang mag-aaral ay dapat na marunong sa pagbasa at pagsulat upang mapag-aralan ang mga kurso ayon sa disenyo nito.

Ang mga kurso ay hindi dinisenyo para sa pagdidisipulo ng mga bagong kasapi ng simbahan, bagama't marami sa materyal ay kapaki-pakinabang para sa layuning iyon.

Ang magandang magagawa ng bawat kasapi ng grupo ay:

1. Magkaroon ng kopya ng kurso
2. Makumpleto ang mga takdang-aralin
3. Magawang talakayin ng mag-aaral ang ilang bagay sa materyal sa harapan ng isang grupo
4. Magkaroon ng mabuting relasyon sa isang lokal na simbahan, at
5. Magkaroon ng regular na ministeryo sa labas ng grupo.

Ang isang guro na makahihikayat na magawa ang mga bagay na ito ay makapagsasanay ng mga estudyante para sa ministeryo.

Ang Edisyon para sa Mag-aaral ay para sa grupo ng mga mag-aaral na hindi sinasanay para sa ministeryo. Ang edisyong ito ang pinaikling bersyon ng mga kurso. Ginagamit ito sa sekondaryang paaralan at sa Sunday school. Ang mga estudyante rito ay hindi gumagawa ng mga takdang-aralin sapagkat hindi sila sinasanay para sa ministeryo. Ang edisyon na ito

ay hindi dapat gamitin para sa mga mag-aaral na naghahanda para sa ministeryo at may layuning tumanggap ng isang katibayan o certificate bunga ng kanyang pagsasanay sa ministeryo. Ang mga guro para rito ay dapat na gumamit ng orihinal na teksto ng kurso ng SGC sapagkat ang Edisyon para sa mga Mag-aaral ay hindi kumpleto.

Ang SGC ay hindi nagbibigay ng degree o akademikong titulo. May ilang mga lugar, institusyung lokal o nasyunal, na ginagamit ang mga kurso ng SGC na magbibigay ng degree o certificate batay sa kanilang sariling pamantayan.

Sa mga lugar na hindi nagbibigay ng akademikong titulo, ang programa ay dapat ituring na propesyonal na pagsasanay. Sa mundo ng negosyo, sinasanay sa isang propesyunal na programa ang isang tao na maging bihasa sa isang trabaho. Ang gayong uri ng programa ay hindi nagbibigay ng degree, ngunit nagbibigay sila ng certificate upang patunayan na ang isang tao ay nagsanay sa kanila. Sa gayunding paraan, ang programa ng SGC ay propesyunal na pagsasanay para sa ministeryo.

## Kakailanganing Gamit

Kailangan ng isang mag-aaral ng Biblia para sa kanyang mga kurso. Ang kurso ay may mga mungkahing materyales para sa karagdagang pag-aaral. Dahil rito, magandang subukan ng isang lokal na institusyon na makabuo ng isang silid-aklatan na magagamit ng mga mag-aaral.

## Iskedyul ng Klase

Ang isang lokal na institusyon ay maaring gumawa ng kanyang sariling iskedyul ng klase batay sa kanyang lokal na sitwasyon. Gayunpaman, kailangang tiyakin ang sapat na oras. Kung ang isang guro ay nagtuturo lamang ng nilalaman ng aklat na walang talakayan at pagsasanay, ang oras na gugugulin ay maaring maikli, ngunit ang klase ay hindi masasanay ng maayos. Kung ang grupo ay gugugol ng oras para sa talakayan at sa takdang-aralin, ang isang kurso ay mangangailangan ng higit sa tatlumpung oras sa buong panahon ng pag-aaral. Ngunit ang mga mag-aaral ay dapat na gumugol ng dagdag pang oras sa paggawa ng kanilang mga takdang-aralin na labas sa oras ng klase.

## Ang Pagkakasunud-sunod ng mga Kurso

Ang pagkakasunud-sunod ng mga kurso ay hindi kinakailangan. Bawat klase ay kumpleto at hindi nakaugnay sa ibang klase na nauna. Maaring tumanggap ng bagong estudyante sa simula ng anumang kurso. Dahil rito, ang institusyon ay maaring magpatuloy sa paghahanap ng mga bagong mag-aaral at hindi na kailangan pang maghintay na matapos ang isang taon upang magsimula ulit sa isang itinakdang kurso. Ang mga mag-aaral na nagpatala sa simula ng anumang kurso ay maaaring magpatuloy hanggang sa matapos nila ang lahat ng kurso.

**Pagbibigay Pansin sa Kalidad**

Dapat na isaayos at itagong mabuti ng guro ang mga talaan ng attendance ng mga mag-aaral. Ang isang mag-aaral na hindi nakadalo sa klase na hanggang 75% oras, at hindi nakakumpleto ng 100% ang mga kailangang gawain ay hindi makatatanggap ng kredito para sa kurso. Ngunit may mga pagkakataon na maaaring magbigay ang guro ng mga karagdagang gawain sa mag-aaral upang mapunan niya ang kulang na attendance.

Dapat ingatan ng guro ang mga talaan ng takdang-aralin na natapos ng kanyang mga mag-aaral upang makapagbigay ng patas at tumpak na grado. Dapat tiyakin rin ng guro na alam ng mga mag-aaral na ang kanilang mga takdang-aralin o attendance ay nagpapababa ng kanilang mga marka.

Kung ang lokal na institusyon ay kabahagi ng isang asosasyon, ang attendance at mga takdang-aralin ay dapat na maingatang mabuti sakaling mangailangan ng pagsisiyat ang isang rehiyonal na tagapagsanay. Magiging walang halaga ang certificate kung ang institusyon ay mabibigong mag-ingat ng mga talaan at mga kinakailangan.

**Lokal na Suporta sa Pinansyal**

Ang bawat lokal na institusyon ay dapat na suportado ng kanilang lugar. Ang silid-aralan ay dapat na ipagkaloob ng isang lokal na simbahan. Ang mga guro ay dapat na kabahagi ng isang lokal na ministeryo. Ang mga bayarin para sa mga ililimbag na mga kurso ay kailangang suportado ng lokal na ministeryo o ng mga estudyante mismo. Kung ang isang institusyon ay kabahagi ng isang asosasyon, maaring ang sentral na administrasyon ang pwedeng sumuporta para sa mga kinakailangang gastusin na nakaugnay sa kurso.

Kinakailangan sa mga kawani ng lokal na institusyon na maging tapat at malinaw sa lahat ng mga bagay na nakaugnay sa pinansyal (2 Corinto 8:21). Dapat malaman ng lahat ng kabahagi kung magkano ang lahat ng perang nakolekta at kung saan at paano ito ginastos. Ang isang committe ay dapat na kabahagi sa pamamahala ng mga pondo. Ilang halimbawa ng mga bayarin ay gaya ng bayad ng mag-aaral sa lokal na institusyon o sa sentral na administrasyon, bayad sa halaga ng mga inilimbag na kurso, suporta para sa mga lokal na guro, at kaperahang nakolekta o ginastos.

Dahil ang katapatan ay mahalagang sangkap sa buhay Kristiyano, hindi makabubuti sa patotoong Kristyano ang di mapagkakatiwalang ugali. Ang isang hindi tapat na tao ay hindi dapat humawak ng anumang posisyon sa ministeryo. Anumang insidente ng pandaraya ay makakaapekto sa relasyon ng isang pinuno sa SGC.

**Pagtutulungan ng organisasyon ng misyon/nasyunal na mga ministeryo at ng lokal na institusyon**

Ang ABC ang siyang ginawang pangalan ng nasyunal na ministeryo na tumutulong sa mga simbahan na magtatag ng mga lokal na institusyon. Ang kasunduan na ginagamit ng ABC para sa mga lokal na institusyon ay matatagpuan sa susunod na pahina. Ang mga kinatawan

ng ABC ay regular na bumibisita at sumisiyasat sa mga lokal na lugar kung nasaan ang institusyon gamit ang mga tanong na nakalista sa huling pahina ng kabanatang ito.

**Halimbawa ng Kasunduan**

*Ginagamit ng ABC ang form na ito upang ipaliwanag ang kaugnayan sa pagitan ng kanilang **nasyunal na ministeryo** at ng **lokal na institusyon.***

Layunin ng ABC na paglingkuran ang Katawan ni Cristo sa pamamagitan ng pagtulong sa mga simbahan na makapagsanay ng mga pinuno sa ministeryo. Ang isang lokal na simbahan o organisasyon ng ministeryo ay maaring aprubahan na magpatakbo ng ministeryong programa gamit ang mga kurso ng SGC.

Ang ABC may karapatang kanselahin ang kasunduan, sa kaso na ang isang lokal na ministeryo ay hindi tumupad sa napagkasunduan.

**Ang ABC ay nagbibigay ng mga sumusunod:**

- Isang set ng 20 kurso para sa pagsasanay sa ministeryo
- Seminar ng pagsasanay para sa mga guro
- Administratibong pagbisita sa lugar ng pagsasanay na layong magpalakas ng loob sa mga lokal na guro at higit pang mapahusay ang kalidad ng pagtuturo
- Mga katibayan o certificates para sa mga mag-aaral na nakatapos sa bawat kurso (isang personal na kopya ng kurso ay kinakailangan para sa bawat mag-aaral na nais makatanggap ng isang certificate)
- Isang certificate para sa pagkumpleto ng buong programa
- Isang karatulang galing sa ABC na ipapaskil sa lugar ng ministeryo

**Ang lokal na ministeryo ay nangangako sa mga sumusunod:**

- Upang humirang ng tapat at maasahang mga lokal na guro na aprubado ng administrasyon ng ABC
- Upang hilingin sa mga guro na makipagtulungan sa pagsasanay at sa tuntunin na mula sa administrasyon ng ABC
- Upang makapagbigay ng silid-aralan na makatutulong sa mabuting pag-aaral
- Upang suportahan ang mga lokal na guro sa pananalapi kung kinakailangan
- Upang lumikom at magpadala sa ABC ng bayad sa enrollment para sa bawat kopya ng kurso na kailangan
- Upang magbigay sa administrasyon ng ABC ng mga talaan ng attendance ng estudyante at ng mga takdang-aralin na natapos

- Upang ipaskil ang karatula na ibinigay ng ABC. Ang karatula ay pag-aari ng ABC at aalisin kapag nakansela ang kasunduan.

Pangalan ng lokal na ministeryo ______________________________________
Lagda ng kinatawan ng lokal na ministeryo ____________________________________
Lagda ng awtorisadong kinatawan ng ABC ____________________________________

**Halimbawa ng mga Tanong habang Sinisiyasat ang isang Lokal na Institusyon**

*Kapag bumisita ang mga kinatawan mula sa ABC, ginagamit nila ang mga sumusunod na tanong upang suriin ang lugar at gabayan ito na higit pang mapabuti.*

1. Nakatanggap ba ang mga guro ng pagsasanay mula sa SGC?
2. Gumagamit ba ang mga guro ng iba't ibang paraan ng pagtuturo?
3. Isinasali ba ng mga guro ang mga mag-aaral sa talakayan at partisipasyon?
4. Ang lugar ba ay humuhubog ng mga guro na sinasanay at tumutulong sa klase?
5. Ang silid-aralan ba ay kaaya-aya para sa pag-aaral (upuan, ilaw, at katahimikan)?
6. Ang bawat estudyante ba ay may personal na kopya ng kursong pinag-aaralan?
7. Ang lahat ba ng mga mag-aaral ay marunong bumasa at sumulat upang makumpleto nila ang mga takdang-aralin? (Kinakailangan para sa certificate.)
8. Ang iskedyul ba ng klase ay umaabot ng tatlumpung oras para sa bawat kurso, liban pa sa oras na ginugugol ng mga mag-aaral para gawin ang kanilang mga takdang-aralin?
9. Tuwing pagsusulit, natitiyak ba na hindi nangongopya ang mga mag-aaral sa sagot ng iba o mula sa sagot na nakasulat sa materyal?
10. Ang mga guro ba ay mayroong tumpak ng attendance ng mga mag-aaral? (Ang isang mag-aaral na humigit ng 25% ang pagliban sa klase ay hindi makatatanggap ng kredito para sa kurso.)
11. Ang mga guro ba ay mayroong mga talaan ng mga natapos na takdang-aralin ng mag-aaral? (Ang lahat ng mga takdang-aralin ay dapat makumpleto para sa certificate. Ang mga takdang-aralin habang nasa pag-aaral ng isang kurso ay dapat na laging handa para sa pagsusuri hanggang sa ibalik ang mga ito sa mga mag-aaral sa pagtatapos ng kurso.)
12. Ang lokal na institusyon ba ay mayroong sistema para sa suportang pinansyal?
13. Ang mga pananalapi ba ng lokal na institusyon ay pinamamahalaan ng isang lokal na komite na siyang may pananagutan at bukas na maglalatag ng mga ito?

# Online Resources mula sa SGC

## Shepherds Global Classroom App

Ang SGC app ay maaaring makuha sa Apple store at Google Play.

Ang app ay nagbibigay ng lahat ng mga kurso na babasahin at pwedeng i-download. Mayroon ring mga pagsasalin sa iba't ibang wika.

## ShepherdsGlobal.org

Ang website ay nagbibigay ng mga kurso at iba pang mga materyales na pwedeng i-download.

## Pagsasanay ng Guro

Maaaring i-download ang *lokal na institusyon Handbook* bilang isang document. Ang mga kurso at pagsasanay na nasa video at naisalin sa iba't ibang wika ay idaragdag kapag natapos na ang mga ito.

## Mga Presentasyon sa Slideshow

Libreng i-download ang mga presentasyon sa slideshow na nasa wikang Ingles.

## Mga Promosyong Video

Makikita rin sa website ang mga video mula sa pamunuan, mga guro, at mag-aaral ng SGC. Ibinabahagi nila ang layunin at ang naging impluwensya ng programa.

## Audio at Video Recording ng mga Kurso

Ang mga audio at video recording ng mga naiturong kurso ay matatagpuan sa iba't ibang wika kapag ang mga ito’y natapos na.

# Pandaigdigang Pag-aaral sa Ministeryo Deskripsyon ng mga Kurso

## Mga Kurso para sa Pundamentong Katuruan

### Mga Paniniwalang Kristiyano

Ito ay isang sistematikong kurso sa teolohiya, na naglalarawan sa mga doktrinang Kristiyano tungkol sa Biblia, Diyos, tao, kasalanan, Cristo, kaligtasan, Espiritu Santo, simbahan, at mga magaganap sa mga Huling Araw.

### Aklat ng Roma

Ang kursong ito ay nagtuturo ng teolohiya ng kaligtasan at ng misyon na hango sa nilalaman ng aklat ng Roma. Tinatalakay rito ang ilang mga isyu na naging kontrobersyal sa simbahan.

### Eskatolohiya

Itinuturo sa kursong ito ang mga aklat sa Biblia gaya ng Daniel at Pahayag, kasama ang iba pang mga talata sa Banal na Kasulatan na hango sa mga propeta. Binibigyang-diin ang mahahalagang doktrina na gaya ng pagbabalik ni Cristo, ang huling paghuhukom, at ang walang hanggang kaharian ng Diyos.

### Doktrina at Pamumuhay sa Kabanalan

Itinuturo sa kursong ito ang banal na pamumuhay na inilalarawan ng Biblia at ginagamit ng Diyos, at inaasahang makita sa buhay ng isang Kristyano.

### Doktrina at Pamumuhay ng Simbahan

Ipinapaliwanag sa kursong ito ang disenyo at plano ng Diyos para sa Kanyang Iglesia. Tinatalakay ang mga paksa na gaya ng pagiging miyembro ng simbahan, bautismo, komunyon, ikapu, at pamumunong espirituwal.

## Bible Survey ng mga Kurso

### Paglalakbay sa Lumang Tipan

Itinuturo sa kursong ito ang mga mahahalagang nilalaman at katuruan ng 39 na aklat sa Lumang Tipan.

### Paglalakbay sa Bagong Tipan

Itinuturo sa kursong ito ang mga mahahalagang nilalaman at katuruan ng 27 na aklat sa Bagong Tipan.

**Mga Prinsipyo ng Pagpapaliwanag sa Biblia**

Itinuturo sa kursong ito ang mga prinsipyo at pamamaraan ng wastong pagpapaliwanag sa Biblia na gagabay sa ating buhay at pakikipag-relasyon sa Diyos.

## Mga Kurso sa Pagbabahagi ng Ebanghelyo at Pagdidisipulo

**Pambungad na Pag-aaral sa Pagtatanggol ng Pananampalataya**

Ang kursong ito ay nagtuturo ng siyentipiko, historikal, at pilosopikal na batayan ng Kristiyanong pananaw sa mundo. Itinuturo rito na ang pananampalatayang Kristiyano ay umaayon sa matuwid na kaisipan at realidad.

**Mga Relihiyon at Kulto sa Mundo**

Itinuturo sa kursong ito ang mga katuruan at paraan ng pagsagot sa labingwalong grupo ng relihiyon sa mundo.

**Biblikal na Pagbabahagi ng Ebanghelyo at Pagdidisipulo**

Ang kursong ito ay nagtuturo ng mga prinsipyo sa Biblia na gagabay sa paraan ng pagbabahagi ng ebanghelyo. Inilalarawan rito ang mga anyo ng pagbabahagi ng ebanghelyo at nagbibigay ng mga aralin na magagamit sa pagdidisipulo ng mga bagong kasapi ng simbahan.

**Pormasyong Espirituwal**

Sa kursong ito, matututo ang mga mag-aaral na tularan ang mga saloobin ni Jesus; na makipag-ugnayan sa Diyos na gaya ng pakikipag-ugnayan ni Jesus sa Kanyang Ama; na magpakumbaba gaya ni Jesus; na ipamuhay ang mga espirituwal at personal na disiplina ni Jesus; na magkaroon ng pagtitiis na gaya ng ipinakita ni Jesus; at makilahok sa pamayanang binuo ni Jesus, (ang Simbahan).

**Praktikal na Pamumuhay ng Kristiyano**

Itinuturo sa kursong ito ang mga prinsipyo ng Biblia hinggil sa pananalapi, relasyon, kapaligiran, gobyerno, karapatang pantao, at iba pang bahagi ng praktikal na pamumuhay.

**Kristiyanong Pag-aasawa at Pagpa-pamilya**

Ang kursong ito ay nagtuturo ng Kristiyanong pananaw hinggil sa mahahalagang yugto sa buhay ng isang tao at inilalapat rito ang mga prinsipyong biblikal na para sa mga tungkulin at relasyon sa pamilya.

## Mga Kurso sa Pamumunong Kristiyano

**Pamumuno sa Ministeryo**

Binibigyang-diin sa kursong ito ang katangiang Kristiyano kaalinsabay ng pagtuturo sa mga pinuno na gabayan ang kanilang organisasyon sa proseso ng pagtuklas ng mga

pagpapahalaga, pagsasakatuparan ng layunin, pagbabahagi ng pananaw, pagtatakda ng mga layunin, pagpaplano ng estratehiya, paggawa ng aksyon, at pagkakaroon ng tagumpay.

**Ang Buhay at Ministeryo ni Jesus**

Pinag-aaralan sa kursong ito ang buhay ni Jesus bilang modelo ng ministeryo at pamumuno sa kasalukuyang panahon.

**Mga Prinsipyo ng Komunikasyon**

Ang kursong ito ay nagtuturo ng teolohiya ng komunikasyon, mga pamamaraan ng mabisang pagsasalita, at mga pamamaraan para sa paghahanda at pagpapahayag ng isang biblikal na sermon.

**Pambungad na Aralin sa Kristiyanong Panambahan**

Ipinapaliwanag sa kursong ito kung paano naaapektuhan ng pagsamba ang lahat ng aspeto sa buhay ng isang mananampalataya. Nagbibigay rin ito ng mga prinsipyo na gagabay sa indibidwal at kongregasyon na pananambahan.

## Mga Kurso sa Kasaysayan ng Simbahan

**Paglalakbay sa Kasaysayan ng Simbahan I**

Ang kursong ito ay naglalahad kung paano ginampanan ng Iglesia ang kanyang misyon at iningatan ang kanyang mahahalagang doktrina mula sa panahon ng sinaunang Iglesia hanggang sa panahon ng Repormasyon.

**Paglalakbay sa Kasaysayan ng Simbahan, II**

Inilalahad sa kursong ito kung paano lumawak ang Iglesia at humarap ng iba’t ibang mga hamon mula sa panahon ng Repormasyon hanggang sa makabagong panahon.